

Mga Anestetiko – mga panganib at epekto **Nakakaramdam ng sakit at may sakit**

Tungkol sa polyeto na ito: Ang polyeto na ito ay tungkol sa **pakiramdam ng may sakit (pagduduwal) o pagkakasakit (pagsusuka) pagkatapos ng operasyon**. Ito ay isang karamdaman na maaari mong maranasan kung mayroon kang pangkalahatang anestetiko. Ipinapaliwanag nito ang mga sanhi ng pagkakasakit at kung ano ang maaaring gawin tungkol dito.

Ang mga pangkalahatang anestetiko ay mga gamot na nagbibigay ng malalim na estadong parang tulog. Ito ay mahalaga para sa ilang mga operasyon at pamamaraan. Sa panahon ng pangkalahatang anestetiko, ikaw ay walang malay at walang nararamdaman.

Maaari mong basahin ang mga iba pang detalye tungkol sa anestetiko sa aming *website*, na maaari mong basahin sa iba't ibang wika dito:
www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

Ano ang pakiramdam nito?

- Maaaring pakiramdam mo ay parang magkakasakit ka (pagduduwal).
- Maaaring may sakit ka (pagsusuka).
- Baka ikaw ay magduduwal (sinusubukang magsuka pero walang lumalabas).
- Karaniwan ang pakiramdam ng pagkakasakit ay tumatagal ng isa o dalawang oras at humihinto pagkatapos ng paggamot. Mas bihirang maaari itong pahabain at tumagal ng higit sa isang araw.

Ano ang posibilidad na mangyari ito?

Sa bawat 100 tao



17 ang gumawa

83 ang hindi

Ang mga numerong ito ay mula sa mga pag-aaral sa pananaliksik. Makikita mo kung saan namin nakuha ang aming mga numero sa aming website:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/evidence.

Ano ang sanhi ng pagkakasakit pagkatapos ng pangkalahatang anestetiko?

- Ang mga gamot na ginagamit sa anesthesya at ilang mga gamot na pampaginhawa ang sanhi sa maaaring makaramdam ng sakit. Ang mga ilang panrehiyong anestetiko, tulad ng mga *spinal* at *epidural*, ay maaari ding maging sanhi ng pagkakasakit.
- Maaaring mapababa ng mga anestetiko ang iyong presyon ng dugo. Ang mababang presyon ng dugo ay maaaring magdulot ng iyong sakit.
- Ang pag-aayuno (hindi pagkain o pag-inom) bago ang operasyon ay maging sanhi ng iyong sakit pagkatapos, ngunit ito ay kinakailangan upang mapanatili kang ligtas sa panahon ng anestetiko. Dapat mong sundin ang anumang mga tagubiling ibinigay sa iyo tungkol sa pagtigil sa pagkain at pag-inom bago ang operasyon.
- Mas maaari kang makaramdam ng sakit kung dumaranas ka ng sakit sa paglakbay o pagkatapos ng anesthesya.
- Ang ilang mga operasyon ay maaari kang makaramdam ng sakit:
 - mga operasyon sa iyong *abdomen* (tiyan) o bahagi ng iyong ari
 - mga operasyon ng ginekologiko (sistemang re produktibo ng kababaihan)
 - mga operasyon sa iyong 'tainga, ilong at lalamunan', tulad ng pagtanggap ng tonsilya
 - mga operasyon sa pagtama ng pagmamasid ng mata
 - mga operasyon na higit sa dalawa o tatlong oras ang haba.
- Maaaring mapataas ng pagkabalisa ang panganib na makaramdam ng sakit. Kung ikaw ay nag-aalala o nababalisa, sabihin sa iyong doktor ng anesthesya. Maaari silang makipag-usap sa iyo tungkol sa iyong mga pag-aalala. Minsan maaari silang mag-alok ng mga gamot upang makatulong sa pagkabalisa.

Paano kung makaramdam ako ng sakit?

May mga bagay na maaaring gawin ng grupo na nangangalaga sa iyo para gumaan ang pakiramdam mo kung may sakit ka. Ito ang mga gagawin nila:

- subaybayan ang iyong presyon ng dugo at tibok ng puso upang matiyak na ang iyong presyon ng dugo ay hindi masyadong mababa
- bibigyan ka ng mga likido at gamot na panlaban sa sakit na ipapadaan sa ugat o bilang isang tableta upang lunukin.

Ano ang makakatulong sa pag-iwas sa sakit?

Ang uri ng anestetiko

Maaaring gumamit ang iyong doktor ng anestesia ng iba't ibang uri ng anestetiko. Ang ilan ay mas mababa ang tsansa na makaramdam ka ng sakit. Ipapaliwanag ng iyong doktor ng anestesia kung aling uri ng anestetiko ang pinakaangkop para sa iyo at ang uri ng operasyon na iyong ginagawa.

Pagkain at pag-inom sa lalong madaling panahon pagkatapos ng operasyon

Papayuhan kang huminto sa pagkain at pag-inom bago ang iyong operasyon. Gayunpaman, ang masyadong matagal na walang pagkain at inumin ay maaaring makaramdam ng sakit pagkatapos ng operasyon. Subukang kumain at uminom sa lalong madaling panahon pagkatapos ng operasyon.

Ang grupo na nagbabantay sa iyo ay magpapayo kung kailan ka maaaring magsimulang kumain at uminom muli. Maaaring bigyan ka nila ng kaunting pagsipsip ng tubig pagkatapos ng operasyon at madala ka sa iba pang inumin at magagaang pagkain.

Ano ang magagawa ko sa aking sarili?

Kumilos nang mas maaga kaysa mamaya

Tanungin ang iyong mga nars o doktor ng anestesia sa sandaling makaramdam ka ng sakit. Mas mainam na gamutin ang pakiramdam ng pagduduwal bago ito lumala, dahil ang sobrang sakit o pagkakasakit ay maaaring makaapekto sa iyong paggaling.

Makipag-usap sa iyong anestesista kung nagkaroon ka ng anestetiko sa nakaraan at nakaramdam ng sakit pagkatapos. May mga bagay na maaari nilang gawin upang mabawasan ang panganib na mangyari muli ito.

Huwag umupo o bumangon ng mabilis pagkatapos ng iyong operasyon. Maaaring magbago ang iyong presyon ng dugo kapag mabilis kang umupo o bumangon. Ito ay maaring magpasakit sa iyo.

Kung ikaw ay nasa sakit, kausapin ang iyong anestesista o mga nars. Ang matinding panakit ay maaaring magdulot sa iyo ng sakit. Maaari silang magbigay sa iyo ng higit pa, o ibang, gamot na pampaghinhawa.

Huminga nang mabagal at malalim kung nakakaramdam ka ng sakit.

Maaari mong isaalang-alang ang mga alternatibong paggamot. Maaaring makatulong ang *acupuncture*, *acupressure* o *aromatherapy* na maiwasan ang pagduduwal. Walang sapat na pananaliksik upang sabihin kung gumagana ang mga teknik na ito o kung gaano kahusay ang mga ito. Kakailanganin mong ayusin ang isang sinanay na propesyonal kung gusto mong subukan ang mga ito.

Magandang malaman

Sakit habang naglalakbay

Kung uuwi ka sa parehong araw ng iyong operasyon, maaari kang makaranas ng sakit sa paglakbay. Ito ay dahil mas magiging sensitibo ka sa paggalaw.

Disclaimer

Sinisikap naming panatilihin tama at napapanahon ang impormasyon sa polyeto na ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin aasahan na masasagot lahat ang mga katanungan na mayroon ka ng pangkalahatang impormasyong ito o harapin ang lahat ng bagay na maaaring mahalaga sa iyo. Dapat mong talakayin sa iyong mga doktor ang mga pagpipilian at alalahanin mo, gamit ang polyeto na ito bilang gabay. Ang leaflet na ito kung mag-isa ay hindi dapat ituring na payo. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layunin na pang komersyo o negosyo. Para sa buong disclaimer, pakitingnan sa: [www.rcoa.ac.uk/patient-information-translations-tagalog].

Lahat ng mga pagsasalin ay ibinigay ng komunidad ng mga pagsasalin mula sa 'Translators without Borders'. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito upang gawing tama ang mga pagsasalin hangga't maaari, ngunit may panganib ng mga kamalian at maling interpretasyon ng ilang impormasyon.

Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

www.rcoa.ac.uk

Ikaanim na Edisyon, Nobyembre 2024

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglalathala.

© 2024 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.